THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No.15 * Abril 9 - 15, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PNP CHIEF, NAGSAGAWA NG INSPEKSYON SA NAIA PARA SA SEGURIDAD NG PASAHERO SA PALIPARAN

sundan sa pahina 3








**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 3 miyembro ng NPA sumuko, matataas na kalibre ng baril narekober sa Davao de Oro

sundan sa pahina 9

## Php81M halaga ng shabu nasamsam sa buy-bust ng Quezon City PNP; suspek arestado

sundan sa pahina 10

## Php15M halaga ng Marijuana sinira at sinunog ng PNP Cordillera

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Ex-Post Facto Law?**

Ang Ex-Post Facto Law ay isang uri ng batas na nagpapataw ng parusa sa isang bagay na legal naman noong ito ay ginawa. Mahigpit na ipinagbabawal ito sapagka't sa batas na ito, naisasama sa saklaw ng bagong batas ang mga kaganapan sa nakaraang panahon at pinarurusahan ang mga ito.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Kababaihang Pulis ng WCPD, itinalaga sa mga Evacuation Center sa Leyte



**Leyte – Nagtalaga ang Leyte Police Provincial Police Office ng mga kababaihang pulis mula sa Women and Children Protection Center sa mga evacuation center para sa mga nabiktima ng bagyong "Agaton" nito lamang Abril 13, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Edwin Balles, Provincial Director ng Leyte Police Provincial Office, ang mga naitalagang WCPD personnel ay inatasang tumulong upang tiyakin ang seguridad at pangangailangan ng mga kababaihan, mga bata at ang iba pang mga nakaligtas sa bagyo.

Base sa report mula sa MPS/CPS mahigit o kulang 674 na pamilya o 3,663 indibidwal ang nasa 43 evacuation centers sa iba't ibang barangay sa lalawigan ng Leyte dahil sa Tropical Storm "Agaton".

Ipinaliwanag naman ni PMaj Jennifer Medalla, Hepe ng Provincial WCPD na ang mga babaeng pulis ang pangunahing naatasang magbigay ng proteksyon at seguridad sa mga evacuation center. Nandiyan sila para pamahalaan ang mga kaso, sakaling magkaroon ng anumang insidente ng karahasang sekswal at batay sa kasarian.

Dagdag pa rito, magsisilbi rin sila bilang mga welfare workers pati na rin sa pakikipagtulungan ng MSWDO sa kani-kanilang munisipyo/lungsod. Nakipag-ugnayan sila sa mga evacuees sa pamamagitan ng suportang ibinibigay nila sa kanilang pagbangon mula sa karanasan ng bagyong "Agaton".

Ang WCPD ay may malaking papel sa ganitong uri ng sakuna, gayundin ang psychosocial counseling na may mga referral para sa karagdagang psychosocial o legal na suporta para sa mga nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian.

Ayon pa kay PCol Balles, tinitiyak ng LPPO ang pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga katuwang na ahensya o diwa ng Bayanihan sa pagtulong sa mga Leyteños na nasalanta ng kamakailang kalamidad.

# 120 kapatid na Muslim, lumahok sa Community Outreach Program ng PNP



**Isulan, Sultan Kudarat - Nakiisa ang 120 kapatid na Muslim sa isinagawang Community Outreach Program ng PNP sa Sultan Pax Islamic Institute sa New Relocation, Barangay Kalawag II, Isulan, Sultan Kudarat, noong Huwebes, Abril 14, 2022.**

Ayon kay PLtCol Hoover Antonio, Force Commander ng 1st Sultan Kudarat Provincial Mobile Force Company, matagumpay na nailunsad ang programa sa tulong nila PLt Meldred Docil, Admin/Operation Officer; PLt Ferdinand Dela Cruz, Team Leader ng Sultan Kudarat Provincial Explosive Ordnance Disposal and Canine Unit; PLt Gladys Banzuelo, Deputy CAD ng Sultan Kudarat Provincial Community Affairs and Development at mga bumubuo ng 1st SKPMFC.

Ang gawaing ito ay bahagi ng Project SUKRAN na itinataguyod ng PNP tuwing RAMADAN, kung saan ay maiinit at masusustansyang pagkain ang kanilang inihahandog tuwing oras ng pagkain.

Layunin nito na ipakita ang pakikiisa ng hanay ng kapulisan sa pagdiriwang ng banal na buwan na isa sa pinakamahalagang selebrasyon para sa mga kapatid nating Muslim.

Sa nabanggit na programa, ang Advisory Council ng 1st SKPMFC sa pangunguna ni Gng. Michelle Roanne Tobias Alberto, Chairwoman ng Provincial Mobile Force Company Advisory Group for Police Transformation and Development ay nagpaabot ng kanilang suporta upang matagumpay na maipaabot ang programa sa napiling komunidad. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Anak ng Pulis, idinaos ang kaarawan sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mag-aaral sa South Cotabato



**South Cotabato - Idinaos ng anak ni PMaj Harold Cornel ang kaarawan nito sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga regalo sa mga mag-aaral ng San Felipe Elementary School ng Tantangan South Cotabato nito lamang Miyerkules, Abril 13, 2022.**

Ayon kay PMaj Harold Cornel, Company Commander ng 1203rd Maneuver Company, RMFB12, nagpasya sila ng kanyang asawa na ipagdiwang ang ika-8 taong kaarawan ng kanilang anak na si Freya Corne sa pamamagitan ng pagbibigay tulong sa mga mag-aaral ng nasabing paaralan.

Sila ay namahagi ng school bags, school uniforms at school supplies sa 70 mag-aaral na labis ang tuwa't pasasalamat sa munting tulong na kanilang natanggap sa kaarawan ni Freya.

Ang PNP maging ang mga pamilya nito ay gustong makatulong sa kanilang kapwa kung saan isa na nga ang pamilya ni PMaj Cornel.

"It warms our hearts knowing we were able to impart a little and aide you in your learning journey", ani PMaj Cornel. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*



# PNP Chief, nagsagawa ng inspeksyon sa NAIA para sa seguridad ng pasahero sa paliparan



**Pasay City – Binisita at nagsagawa ng inspeksyon ang Ama ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo Carlos sa Ninoy Aquino International Airport Terminal 3 departure at arrival area ganap na alas-5 ng hapon ng April 13, 2022.**

Kasama sina PMGen Felipe Natividad, Director, NCRPO; PBGen Valeriano De Leon, Director DO; at PBGen Limuel Obon, Executive Officer DO, sa pagsasagawa ng inspeksyon sa nasabing paliparan bilang parte ng "Ligtas SUMVAC 2022".

Malugod namang sinamahan ng bagong Direktor ng PNP AVSEGROUP na si PBGen Andre Dizon, kasama ang iba pang mga opisyal ng unit sa kanilang pag-iikot at ang pagbibigay ng security coverage sa Ama ng Pambansang Pulisya sa kanyang aktibidad.

Ang layunin ng pagbisita nito sa paliparan ay upang masiguro ang pagpapaigting ng seguridad ng ating mga kababayan na nasa ating mga paliparan at magdidiwang ng Mahal na Araw sa kani-kanilang mga probinsya.

Ang PNP AVSEGROUP ay patuloy na magsasagawa ng inspeksyon at magbibigay proteksyon para sa ligtas na biyahe ng ating mga kababayan na paalis at parating sa lahat ng paliparan sa buong bansa lalung-lalo na ngayong Semana Santa at buong summer season. *(Panulat ni Patrolwoman Kim Delos Santos)*

# PNP Patuloy na pananagutin ang mga scalawag sa hanay

**Nasa may kabuuang 5,599 na pulis ang na-dismiss sa serbisyo sa Philippine National Police mula noong Hulyo 2016 hanggang Marso 30, 2022 matapos maharap sa mga kasong administratibo dahil sa mga grave offenses.**

Ayon sa tagapagsalita ng PNP na si Police Brigadier General Roderick Augustus Alba, bunsod ito ng agresibong pagsisikap ng PNP Internal Affairs Service sa paghawak at pag-iimbestiga sa miyembro ng hanay ng pulisya na sinampahan ng kasong administratibo.

Nanindigan naman ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas na lalabanan ang katiwalian sa loob mismo ng sistema ng organisasyon sa pamamagitan ng malawakang Internal Cleansing Program nito.

Bukod sa tuluyang pagkakatanggal sa serbisyo, marami pang parusa ang ipinataw sa mga tauhan ng pulisya na sinampahan ng less serious offenses.

Ayon sa datos ng PNP, mula noong Hulyo 2016 - Marso 2022 ay makikitang may bilang na 1,129 ang na-demote; 10,490 ang nasuspinde; 848 ang nahaharap sa pagkawala ng kanilang suweldo; 2,475 ang na-reprimand; 208 ang restricted; at may kabuuang 286 ang napagkaitan ng kanilang pribilehiyo.

Mula sa 5,599 na na-dismiss na pulis, 714 dito ay nasangkot sa mga kasong may kinalaman sa ilegal na droga.

Sumasalamin ang bilang ng pinarusahan na kapulisan sa pangako ng PNP na lilinisin ang hanay nito upang maisakatuparan ang kanilang mandato sa pagprotekta sa komunidad.

Sa kabilang banda, katuwang naman ng PNP IAS ang PNP Integrity Monitoring and Enforcement Group (PNP-IMEG) upang epektibo nitong maisakatuparan ang nasabing mandato.

Tungkulin ng PNP-IMEG na tumanggap ng mga reklamo at impormasyon laban sa mga tiwaling miyembro ng organisasyon at magsagawa ng mga nauugnay na aktibidad sa pangangalap ng impormasyon, tuklasin at magsagawa ng intelligence build-up sa pagkakasangkot ng mga tauhan ng PNP sa mga ilegal na aktibidad, mga gawain ng graft at corruption at iba pang mga krimen para sa agarang pagsasagawa ng unang hakbangin; at magpasimula ng mga operasyon ng pagpapatupad ng batas laban sa mga tiwaling tauhan ng PNP.

Ayon sa PNP Spokesperson, ang PNP ay nagbigay ng buong kooperasyon sa isinasagawang sariling imbestigasyon sa mga kaso ng anti-drug operations ng Department of Justice, sa pamamagitan ng National Bureau of Investigation.

Batay sa patuloy na pagsisikap ng PNP, PNP-IAS at PNP-IMEG na pigilin ang katiwalian sa loob ng organisasyon, nais ng PNP na tutulan ang pahayag mula sa kamakailang ulat ng Estados Unidos ukol sa karapatang pantao na nagsasaad na ang IAS ay nanatiling hindi epektibo sa mandato nito.

Ayon pa kay PBGen Alba, bagama't hindi ganap na binabalewala ang ulat ng US State Department on human rights, nais ng PNP na tumugon dito sa lahat ng makabuluhang mga nagawa ng IAS tulad ng nasaad na mga datos.

Magiging hindi ito patas para sa PNP na ituring bilang isang organisasyon na kumukonsite sa impunity at mga pang-aabuso sa karapatang pantao.

Aniya pa ni PBGen Alba, mananantiling maninindigan ang PNP para sa tama, makatarungan at patas. Bagama't ito ay magiging mahirap na labanan para sa PNP, ipatutupad ang batas nang walang takot at pabor. Patuloy na pagbubutihin ang ating sistema at organisasyon upang maprotektahan at mapagsilbihan ang pamayanang Pilipino.

# "Oplan Booby" isinagawa ng Cordillera PNP



**Sadanga, Mountain Province - Nagsagawa ng "Oplan Booby" ang Mountain Province PNP sa Barangay Betwagan, Sadanga, Mountain Province at Barangay Bugnay, Tinglayan, Kalinga nito lamang Miyerkules, Abril 13, 2022.**

Ang "Oplan Booby" ay isinasagawa upang tanggalin ang posibleng naitanim na mga Improvised Explosive Device (IED) at booby traps sa pinagtatalunang lupa upang maiwasan ang pinsala o pagkamatay ng mga taong walang kamalay-malay na naglalakad sa nasabing lugar.

Ayon kay Police Colonel Ruben Andiso, Provincial Director, Mountain Province Police Provincial Office, nadiskubre ang isang booby trap na may MK2 hand grenade sa nasabing lugar at agad naman itong pinasabog ng mga tauhan ng Provincial EOD at Canine Unit-Mountain Province (PECU).

Ayon pa kay PCol Andiso, tatlo pang site ang natuklasan sa Mt. Khumaykay kung saan isa ang may bakas ng sumabog na booby trap, isa na may mga bakas ng naka-set up na booby trap at isa na may improvised shotgun 12 gauge na may fired shotgun shell at trip wire.

Dagdag pa ni PCol Andiso, narekober din nila ang tatlong fired cartridge cases ng M16, isang fired cartridge case ng M14 at isa sa Garand.

Pinapaaalahanan ng PNP ang mga mamamayan na mapanuri at mag-ingat sa masusukal na lugar na puwedeng tamnan ng mga booby trap at makipagtulungan sa PNP na iulat kapag may makitang ganitong set-up sa kanilang lugar.

# PNP CHIEF @ UR SERBIS



*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mga tiwaling pulis, tiyak na tanggal sa serbisyo

Kasabay ng ating paglilinis sa komunidad sa pamamagitan ng mas pinaigting na kampanya laban sa iligal na droga, terorismo at kriminalidad ay ang ating istrikto at pinaigting na paglilinis sa ating hanay.

Sa internal cleansing program ng PNP ay nakita natin ang seryoso at epektibong pagbibigay aksyon sa mga reklamo at kasong kinakaharap ng mga pulis.

Sa ating tuloy-tuloy na paglilinis sa ating hanay, malugod nating ipinapaabot sa ating mga kababayan na hindi natin hinahayaan at kinukonsente ang ating mga kasamahang pulis na sangkot sa mga ilegal na aktibidad at may nakasampang kasong administratibo at kriminal.

Ayon sa tala ng PNP, mayroong 208 personnel with withheld privilege o natanggalan ng mga prebilihiyo; 286 restricted; 848 na tinanggalan ng sweldo; 1129 demoted o ibinaba ang ranggo; 2475 reprimanded; 5599 dismissed from service o natanggal na sa serbisyo bilang pulis; at 10490 suspended o suspendido ayon sa iba't ibang kategorya nito depende sa bigat ng kaso at parusa.

Ang mga datos na ito ay nagpapatunay lamang na hindi natin pinapalagpas ang bawat isang pulis na may kasong kinasasangkutan na hindi mabibigyan ng karampatang parusa. Ito ay nagpapakita rin ng ating masidhing adhikain na maging isang mapagkakatiwalaan, may kredibilidad, at disiplinadong organisasyon. Ang mga ito ay nagsisilbi ring leksyon at babala sa iba pa natin mga kasamahang pulis na huwag masasangkot sa ilegal na aktibidad, bagkus ay pakakamahalin ang serbisyo.

Patuloy tayo sa pagbabalangkas ng mga polisiya at hakbangin upang mas mapataas pa natin ang disiplina at integridad ng buong pwersa. Makakaasa ang taong bayan na hindi tayo magdadalawang isip na alisin sa serbisyo ang mga tiwaling pulis sapagkat ang tulad nila ay walang puwang sa ating organisasyon.

Sa lahat ng mga pulis, lalo pa nating pagbutihin ang pagbibigay ng serbisyo sa ating mga kababayan. Huwag na huwag tayong gagawa ng ilegal at hindi naaayon sa ating sinumpaang tungkulin. Gawin lamang natin ang tama para sa serbisyo sa Diyos, bayan, organisasyon at sa taong bayan.

Nananawagan din ako sa publiko na idulog o isumbong ninyo sa amin kung mayroon kayong kakilalang tiwaling pulis na sangkot sa mga ilegal na aktibidad. Kakampi po ninyo kami na sila ay alisin sa serbisyo.

# EDITORYAL

## Sa anumang sakuna, maasahan mo, PNP kakampi mo

Nitong linggo, nanalasa ang bagyong Agaton - ang unang bagyong tumama sa bansa ngayong taon. Ang nasabing bagyo ay nagdala ng mapaminsalang pagbaha at pagguho ng lupa at nagdulot ng labis na pinsala sa probinsya ng Leyte.

Bago paman pumasok sa bansa ang bagyo, nakahanda na ang mga kapulisan sa rehiyon 6, 7, 8 at 13 upang manguna sa pagsasagawa ng search at rescue operations pati narin ang relief operations. Sa tulong ng ibang ahensiya ng gobyerno, naihanda narin ang mga evacuation center para sa mga kababayan nating ililikas.

Sa gitna ng rumaragasang tubig baha at pagguho ng lupa, hindi nagpatinag ang ating mga kapulisan at agad rumesponde sa mga lugar na apektado ng bagyo. Libo libo sa ating mga kababayan ang nailikas habang patuloy naman ang search at retrieval operations sa mga nawawala. Marami din ang sugatan na agad namang dinala sa mga malalapit na pagamutan upang mabigyan ng karampatang lunas.

Ang ating mga kapulisan kasama ng iba pang sangay ng gobyerno tulad na lamang ng Department of Public Works and Highways, Armed Forces of the Philippines, Bureau of Fire Protection at mga lokal na pamahalaan ay wala ding tigil sa pagsasagawa ng road clearing sa mga kalsadang naharangan ng mga natumbang puno at natabunan ng lupa dulot ng landslide. Nagsagawa din ng libreng sakay para sa ating mga kababayan na stranded dulot ng bagyo.

Tuloy tuloy naman ang pagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan sa mga evacuation center kung saan naglalagi ang ating mga kababayang nailikas.


Lubos na nakikidalamhati ang buong hanay ng pambansang pulisya sa ating mga kababayang nawalan ng mga mahal sa buhay bunsod ng makapaminsalang bagyo. Aasahan naman po ninyo na hindi titigil ang ating mga kapulisan hangga't hindi nahahanap ang lahat ng mga nawawala at tuloy-tuloy sa pagsasagawa ng search and retrieval operations.

Lubos naman ang pasasalamat natin sa ating mga kababayang may busilak na puso na agad-agad nagpadala ng tulong donasyon para sa ating mga kababayang lubos na naapektuhan ng bagyo.

Hinihingi din po natin sa ating mga kababayan na isama sa kanilang panalangin ang ating mga kababayang nawawala magpasa hanggang ngayon na nawa'y nasa ligtas silang kalagayan kasama narin ng dalangin para sa kaligtasan at karagdagang lakas ng ating mga kapulisan na nangangasiwa sa tuloy-tuloy na paghahanap at pagrescue sa iba pa nating kababayan na maaaring hanggang ngayon ay naghihintay ng tulong.

Pinapaalalahanan po natin ang ating mga kababayan na maging mapagmatyag at laging makibalita sa lagay ng panahon. Lumikas na habang maaga pa upang masigurong ligtas ang sarili, sampu ng pamilya.

Makakasiguro naman ang bawat mamamayang Pilipino na patuloy ang inyong kapulisan sa pagsiguro ng inyong kaligtasan at mangungunang ilayo kayo sa anumang kapahamakan, sapagaka't sa anumang sakuna o unos na dala ng panahon, maaasahan ninyo, ang PNP kakampi niyo.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Foundation, Inc., nagkaloob ng Php5.4M halaga ng "Various Office and Police Equipment" sa Pambansang Pulisya

Nagkaloob ang PNP Foundation, Inc. sa Pambansang Pulisya ng may Php5.4 milyong pisong halaga ng "Various Office and Police Equipment" kasabay ng Flag Raising Ceremony na ginanap sa PNP National Headquarters sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Pormal na ipinagkaloob ni Senator Panfilo M Lacson, kasalukuyang Chairman, PNP Foundation, Inc. kasama si Ms. Teresita Ang See, Vice-Chairperson, at si Architect Ka Kuen Chua, Board of Trustee sa pamamagitan ng "Ceremonial Turnover of Various Office and Police Equipment Ceremony" na kung saan ay malugod namang tinanggap ni PNP Chief, PGEN Dionardo B Carlos kasama ang kanyang PNP Command Group.

Kabilang sa 5.4M worth of various office and police equipment na kanilang ipinagkaloob sa PNP ay ang mga sumusunod: 144 sets of Intel Core i5 Desktop 11th Generation; 83 units HP Deskjet Ink Advantage 2777 with WIFI 3 in 1 Printer; 18 units Infocus IN112AA DP Projector 3800 Lumens; 11 units E.K Portable Public System with 2 wireless microphones, 2 units HiK CCTV with 4 Channels; and 50 units Sunpeed Mountain Bike.

Nagpasalamat naman si PNP Chief, PGen Dionardo Carlos sa mga tulong at patuloy na suporta na ipinagkakaloob ng PNP Foundation, Inc. Malaking tulong ito anya upang mas lalong mapaigting ang kanilang Administrative and Operational Performances lalo na sa mga iba't-ibang tanggapan at opisina partikular sa mga Police Regional Offices (PRO). Ito ay ipagkakaloob naman sa PRO 1; PRO 2; PRO 4A; PRO 4B; PRO 5; PRO 6; PRO 10; QCPD TOC; Area Police Command (APC) Visayas; PNP Forensic Group; at sa Logistics Support Service.

Kasabay nito ay nagkaroon din ng pormal na lagdaan sa pamamagitan ng "Signing of Deed of Donation between the Philippine National Police and the PNP Foundation, Inc."


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# Tree Planting Activity at Coastal Clean-up Drive, isinagawa ng Gonzaga PNP



**Gonzaga, Cagayan - Nagsagawa ng Tree Planting Activity at Coastal Clean-up Drive ang Gonzaga PNP sa Barangay Caroan Gonzaga, Cagayan noong Abril 12, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Major Gary Macadangdang, Chief of Police ng Gonzaga Municipal Police Station katuwang ang mga Advocacy Support Groups.

Umabot sa 150 Bani Tree seedlings ang naitanim at namulot ng mga basura sa tabing ilog na nasasakupan ng nabanggit na lugar.

Matagumpay na naisagawa ang aktibidad sa pakikiisa at pagsisikap ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo (KKDAT), mga guro ng Caroan Elementary School, Barangay Based Advocacy, Kaligkasan Advocacy Support Group at mga On-the-Job Trainee students mula Cagayan State University-Gonzaga Campus.

Ang naturang aktibidad ay alinsunod sa PNP Core Values na Makakalikasan at kaugnay din ito sa I Love Cagayan River Movement na may temang "Seedlings of Hope" ng Valley Cops.

Hinihikayat ng PNP ang komunidad na patuloy na makiisa at makilahok sa mga programang ilulunsad ng pamahalaan upang mapanatili ang kagandahan at kasaganaan ng likas na yaman sa bansa. *(Panulat ni Patrolwoman Juliet Dayag)*

# 11 indibidwal arestado sa ilegal na sabong sa Davao City

**Davao City - Arestado ang labing-isang kalalakihan sa isinagawang Anti-Gambling operation ng Sta. Ana PNP noong Biyernes, Abril 15, 2022.**

Kinilala ni PMaj Jake Goles, Station Commander ng Sta. Ana Police Station 1 ang mga suspek na sina Remark Gonzales, 50; Michael Espijon, 34; Jacon Mangga, 30; Joel Renoy, 40; Christian Arado, 18; Rodel Alayon, 50; Aries Sugabin, 42; Benjamin Balaga, 54; Alfredo Bestoque, 55; Romeo Paradero, 53; Jimmy Paradero, 48; na pawang mga residente ng Isla Noah Brgy. Lapu-Lapu, Davao City.



Ayon kay PMaj Goles, ang mga suspek ay nahuli sa akto na nagsasagawa ng ilegal na sabong ng manok sa Brgy. Lapu-Lapu, Agdao, Davao City ng mga tauhan ng Sta. Ana PS 1.

Dagdag pa ni PMaj Goles, ang mga naarestong suspek ay nasa kustodiya na ng nasabing istasyon para sampahan ng kasong paglabag sa Presidential Decree 1602 (Illegal Cock Fighting).

Pinapaalalahanan naman ng Police Regional Office 11, sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr., Regional Director, ang mga mamamayan na iwasan ang anumang ilegal na gawain katulad ng pagsusugal dahil hindi sila magsasawang hulihin ang lahat ng lalabag sa nasabing batas. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*

# 25 indibidwal narescue ng Parañaque PNP

**Parañaque City - Nailigtas ang 25 indibidwal kabilang ang apat na menor de edad laban sa anim na suspek sa ginawang anti-trafficking rescue operations ng Parañaque PNP nito lamang Huwebes, Abril 14, 2022.**

Kinilala ni District Director Police Brigadier General Jimili Macaraeg ng SPD ang tatlo sa mga suspek na pawang mga Chinese Nationals na sina Zhang Chao De, 22, lalaki; Li Lin Chuan, 38, lalaki; Li Reng Rin, 32, lalaki, samantala ang tatlong iba pa ay sina Lily Morer De Jose y Gonzales, 29; Abegail Macahidhid y Alcoy, 22; at Ma. Liza Miguel y Salamonding, 22.

Ayon kay PBGen Macaraeg, bandang ala-1:00 ng madaling araw nahuli ang mga suspek sa No. 412 7th Floor, Unit 708, 709, 710, Bayport West, Tower 5, Barangay Tambo, Parañaque City ng pulisya kasama ang mga Barangay tanod sa lugar.

Nag-ugat ang operasyon sa reklamo ng reportee/biktima na si Anne Zabate at binulgar ang umano'y nangyayaring prostitution sa lugar.


Pagdating sa lugar, naaktuhan ng mga operatiba ang mga biktima at ang suspek na si Li Reng Rin na nagsasagawa ng malalaswang gawain na naka-"live feed" umano ito sa harap ng cellphone.

Ayon pa kay General Macaraeg, narekober mula sa mga suspek ang humigit-kumulang sampung sex toys, 11 sex vibrator, 80 Soft Gel sex enhancer capsules, 20 tablet Maxman sex enhancer, dalawang iPhone, isang metallic grey MacBook, isang TP link wireless router, tatlong ring light na may tripod, apat na Redmi cellphones, isang VIVO cellphone, isang iPhone 7, isang Realme na cellphone, isang Huawei cellphone, at isang HD-350-600 Multiport USB charger.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9208 o Anti-Trafficking in Persons Act of 2003.

"Walang puwang sa ating nasasakupan ang mga ganitong krimen na nananamantala sa ating kababayan at sumisira sa dignidad. Kayo ang susi upang ang ganitong mga klase ng krimen ay ating mapuksa at mawakasan. Binabati ko ang Parañaque City PNP sa inyong mabilis na aksyon at ating nasagip ang ating mga kabataan," dagdag ni General Macaraeg. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*





# Talipapa Project para sa mga Aeta, inilunsad ng Bataan PNP







**Bataan - Naglunsad ng talipapa project para sa mga Aeta ang Bataan PNP sa Pag-asa Brgy. Lamao Limay, Bataan, nito lamang Martes, April 12, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Orlando Castil, Jr., Company Commander ng 2nd Police Mobile Force Company ng Bataan Police Provincial Office at pinamunuan ni Police Colonel Romell Velasco, Acting Provincial Director ng Bataan Police Provincial Office.

Ang aktibidad ay may temang "Talipapa para sa mga Kapatid na Aeta Tulong Kabuhayan sa Panahon ng Pandemya".

Laking pasasalamat ng mga Aeta sa mga PNP sa oportunidad na mapansin ang kanilang produkto at mabenta sa mga residente ng nasabing lugar.

Layunin nitong mabigyan ang mga katutubong Aeta ng hanapbuhay para pantustos sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan. *(Sa panunulat ni Police Corporal Jeselle V Rivera)*

# "SIKAD C.A.P.I.S." Peace Caravan inilunsad sa Capiz PNP



**Capiz - Naglunsad ng Peace Caravan ang Capiz Police Provincial Office na tinawag na "SIKAD C.A.P.I.S." (Coastguard, Army & Police Initiative for SAFE NLE 2022) nito lamang Sabado, Abril 9, 2022.**

Ang peace caravan ay pinangunahan ni Police Colonel Winston De Belen, Provincial Director ng Capiz Police Provincial Office at nilahukan ng lahat ng Police Station sa pangunguna ng kani-kanilang Chief of Police, kasama ang Cyclists and Bikers Associations sa loob ng kanilang nasasakupan.

Ayon kay PCol De Belen, ang caravan ay nahati sa tatlong ruta, ang Manuel Roxas Hall, Pontevedra, Capiz bilang unang ruta, Civic Center, Ivisan, Capiz bilang pangalawang ruta at lahat ng mga kalahok ay magkikita kita sa Roxas City Public Plaza patungong CPPO Camp Teodorico C Apil, Brgy. Lanot, Roxas City bilang ikatlong ruta.

Ayon pa kay PCol De Belen, ang culmination activity ng SIKAD C.A.P.I.S. ay isinagawa sa pamamagitan ng isang maikling programa at iba't ibang laro, at pagbibigay ng mga espesyal na parangal at certificate para sa kanilang suporta at aktibong pakikilahok.

Katuwang din sa programa ang COMELEC Provincial Task Group NLE 2022 sa nasabing Peace Caravan. Ito ay inisyatiba ng Philippine Coastguard, Philippine Army, at Philippine National Police katuwang ang COMELEC ng lalawigan ng Capiz na may iisang layunin para sa Safe, Accurate, Free/Fair Election (SAFE NLE 2022) sa darating na Mayo 9, 2022.



# Disaster Response and Relief Operation, isinagawa ng Leyte PPO – PPSMU



**Leyte – Nagsagawa ang Leyte PNP ng Disaster Response and Relief Operation katuwang ang ABS-CBN Foundation Sagip Kapamilya sa Abuyog, Leyte nito lamang huwebes, ika-14 ng Abril, 2022.**

Isa ang ABS-CBN Foundation Sagip Kapamilya sa agad na naghatid ng tulong sa pamamagitan ng Food Aid sa mga pamilyang nasa anim na evacuation centers sa Abuyog, Leyte na lubhang naapektuhan ng pananalasa ng bagyong Agaton.

Agad namang tumugon ang Leyte Police Provincial Office - Police Strategy Management Unit (PPSMU) sa pangunguna ng hepe nito na si PLtCol Allan Cerro sa hiling ng nasabing foundation na maging katuwang kasama ang Leyte PPO-Provincial Advisory Group for Police Transformation and Development (PAGPTD) sa pangunguna ng Chairman na si Dr. Ronald B Madera na siya ring Campus Director ng EVSU-Carigara at President, RADNET5 upang maipaabot ang food aid sa mga kababayan nating lubos na nangangailangan sa lugar.

Isang libo na mga pamilya ang nakatanggap ng food packs at lagpas tatlong libong ka-tao ang nakatanggap ng hot meals.

Ang lahat ng ito ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan na rin ng Radnet 5, J&T Express, Palo Metropolitan Cathedral at Eastern Visayas State University, sa pakikipag-ugnayan ng Lokal na Pamahalaan ng Abuyog. *(Panulat ni Pat Darice Anne Modelo Regis)*



# PBGen Simborio nag-abot ng tulong pinansyal sa 4 na sugatang pulis







**Zamboanga City – Personal na binisita at nag-abot ng tulong pinansyal si Police Brigadier General Franco Simborio, Regional Director ng Police Regional Office 9 kasama ang Command Group, sa apat na sugatang pulis ng Zamboanga PNP dahil sa aksidente nito lamang gabi ng Sabado, Abril 9, 2022.**

Ang apat na pulis ay naaksidente nang mawalan ng control ang driver ng police mobile, dahil sa malakas na ulan at madulas na daan na dahilan ng pagkabangga ng sasakyan sa isang kahoy na nasa gilid ng daan noong Abril 7, 2022.

Kinilala ni PBGen Simborio ang apat na sugatang pulis na sina Police Staff Sergeant Eric Panangitan, Patrolwoman Princess Ann Adaza, Patrolman Ray Francisco at Patrolwoman Cherrie Ann Armoganda.

Sa ngayon, ang apat ay nagpapagaling pa sa pagamutan dahil sa mga sugat na natamo.

Dagdag pa ni PBGen Simborio, na ang kapakanan ng kanyang mga tauhan ang pinaka-importante sa lahat. Sa ganitong sitwasyon ay ang agarang tulong pinansyal ang kailangan ng pamilya ng nasugatang mga pulis.

Taos-pusong pasasalamat naman ang handog ng mga pamilyang nabigyan ng suporta at tulong pinansyal mula kay PBGen Simborio at ng Zamboanga PNP. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*

# PNP Eastern Visayas naglunsad ng "Tabang ni RD para sa Baybay ug Abuyog"



**Camp Ruperto K Kangleon, Palo, Leyte – Naglunsad ang Police Regional Office 8 sa pamumuno ni PBGen Bernard Banac, Regional Director ng programang "Tabang ni RD para sa Baybay ug Abuyog" para sa mga nasalanta ng bagyo nito lamang Martes, Abril 12, 2022.**


Ayon kay PBGen Banac, ang "Tabang ni RD para sa Baybay ug Abuyog" ay inilunsad upang ipamahagi ang kabuuang 1,000 relief packs na inihanda ng PRO 8 para sa mga biktima ng Tropical Storm Agaton sa Baybay City at Abuyog, Leyte.


Samantala, sa parehong araw din ng Martes ay personal namang nai-turn over ni PBGen Banac kasama si PCol Edwin Balles, Provincial Director ng Leyte Police Provincial Office at ng Bless Our Cops members ang mga relief goods sa Baybay City Police Station upang ipamahagi ito sa mga nabiktima ng bagyo sa kanilang nasasakupan.


Personal din na nakipagpulong si PBGen Banac kay Hon. Jose Carlos Cari, Mayor ng Baybay City para sa koordinasyon sa mga update ng lugar at pagsasagawa ng relief operations para sa Tropical Storm Agaton.


Tiniyak naman ng PNP Eastern Visayas na patuloy silang maghahatid serbisyo at handang tumulong lalong-lalo na sa mga panahon ng sakuna. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Bantay ng Katahimikan

Upang mapanatiling ligtas ang mamamayan laban sa mga manliligalig, isang alagad ng batas ang nagbuwis ng buhay noong March 29, 2019 sa bayan ng Bauko, Mountain Province. Naghasik nang takot at pangamba sa mga mamamayan ang mga New People's Army (NPA) kaugnay nang kanilang ika-50 Anibersaryo. Dahil dito ay nagsagawa ng Patrol Operation ang mga kasapi ng 1502nd Mobile Company, Regional Mobile Force-15 ng Cordillera Region upang iligtas ang mamamayan laban sa mga teroristang NPA.

Gayunpaman, sinawimpalad na mapaslang ng mga terorista si Patrolman Wilfredo Padawil at malubha namang nasugatan si PCpl Eirphil Lapnitin habang magiting na nakikipaglaban.


Nagsagawa ng Patrol Operation ang tropa ng PNP na pinamunuan ni PCapt LE VEONN MADALANG at PCapt GRAEME BOY JAVIER dahil sa sumbong ng mga mamamayan sa presensya ng mga terorista sa kanilang lugar. Bandang alas 9:30 ng umaga nang makasagupa ng mga pulis ang mga NPA sa Sitio Malabagan, Barangay Bangnen sa bayan ng Bauko.

Sa gitna nang maigting na labanan ay isang punglo ang tumama sa kanang bahagi ng leeg ni Pat Padawil samantalang malubha namang nasugatan si PCpl Lapniten.

Nalulungkot man sa nangyaring pagkasawi ng kanyang kasamahan si Lapniten, handa pa rin umano siyang muling bumalik sa pagpapatrulya pagkalabas niya nang ospital at bumalik sa serbisyo upang mapanatiling ligtas ang mamamayan sa karahasang inihahasik ng NPA.

Tunay na ang isang Pulis ay laging nakahandang humarap sa anumang panganib upang panatilihing ligtas, mapayapa at matiwasay ang ating komunidad. Ang Pulis ay tunay na tagapagtanggol ng mamamayan!

# Top 4 Most Wanted Person sa kasong Statutory Rape at Child Abuse arestado ng Puerto Princesa City PNP




**Puerto Princesa City – Arestado ang Top 4 Most Wanted Person sa kasong Statutory Rape at Child Abuse ng Puerto Princesa City PNP noong Abril 11, 2022.**


Kinilala ni Police Colonel Roberto Bucad, Acting City Director ng Puerto Princesa City Police Office ang suspek na si Jonathan Dao Alforte, alyas "Jing", residente ng Purok Masagana, Irawan, Puerto Princesa City.

Ayon kay PCol Bucad, bandang 2:51 ng hapon naaresto ang suspek sa nasabing barangay ng Puerto Princesa City Police Station.

Ayon pa kay PCol Bucad, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Statutory Rape at Child abuse na walang inirekomendang piyansa.

Ang Pambansang Pulisya ay hindi titigil sa kampanya laban sa pagsugpo sa kriminalidad, droga at terorismo para sa kaligtasan at kapayapaan ng mamamayan at ng bansa. *(Panulat ni Patrolman Joebet Balana)*

# 34 anyos na Lalake pinugutan ng ulo dahil sa selos; suspek, timbog



**Hinobaan, Negros Occidental- Tinaga hanggang sa mapugutan ng ulo ang isang lalake sa bayan ng Hinobaan, Negros Occidental nito lamang gabi ng Huwebes Santo, Abril 14, 2022.**

Kinilala ni Police Major John Ganzon, Officer-in-Charge ng Hinobaan Municipal Police Station, ang biktima na si Rene Caño, 34, walang asawa at residente sa Zone 12, Sitio Sangke, Barangay Bacuyangan, Hinobaan, Negros Occidental.

Ayon kay PMaj Ganzon, ang suspek ay nagngangalang Jerry Del Carmen, may live-in partner at parehong residente sa nasabing lugar.

Ayon pa kay Police Major Ganzon, tinaga ng suspek ang biktima dahil sa selos nito sa kanyang live-in partner.

Samantala, agad namang nahuli ang suspek nitong Biyernes, Abril 15, 2022 sa isinagawang follow-up operation ng kapulisan at kasalukuyang nakapiit sa custodial facility ng Hinobaan Municipal Police Station.

Siniguro naman ng ating kapulisan na mananagot ang suspek sa kanyang krimeng nagawa at tiniyak na masasampahan ito ng kaso sa mas madaling panahon.

# Top 1 Regional Most Wanted Person arestado ng CIDG PNP sa kasong Rape


**Caramoran, Catanduanes – Arestado ang Top 1 Regional Most Wanted Person ng CIDG PNP sa kasong Rape nito lamang umaga ng Martes, Abril 12, 2022.**

Kinilala ni PMGen Eliseo Cruz ang suspek na si Dominic Rizo y Nate, 60, tagatabas ng abaka, at tubong Pilar, Sorsogon.

Ayon kay PMGen Cruz, si Rizo ay naaresto sa Barangay Totoy, Caramoran, Catanduanes ng mga operatiba ng CIDG Catanduanes Provincial Field Unit matapos ang isang buwang case build-up at surveillance.

Ayon pa kay PMGen Cruz, si Rizo ay naaresto sa bisa Warrant of Arrest sa kasong 49 na bilang ng Statutory Rape at 24 na bilang ng Rape.

Ang tagumpay na ito ay naaayon sa pagtugis ng Flagship Project ng CIDG at sa direktiba ng Direktor nitong si PMGen Eliseo Cruz na magsikap sa paghabol sa most wanted persons. *(Panulat ni NUP Loreto B Concepcion)*





# Top 1 Regional Most Wanted Person arestado ng CIDG PNP sa kasong Rape

**Bolinao, Pangasinan – Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (Municipal Level) ng Bolinao sa kasong Murder sa Manhunt Operation ng Pangasinan PNP nitong Biyernes, Abril 15, 2022.**

Kinilala ni Police Major Leonard Zacarias, Hepe ng San Manuel Municipal Police Station, ang suspek na si Isagani Dollaga y Julio, 19, residente ng Barangay Patar, Bolinao, Pangasinan.

Si Dollaga ay isang takas na bilanggo sa Regional Rehabilitation Center for Youth (RRCY), Bauang, La Union noong December 26, 2019.

Ayon kay Police Major Zacarias, bandang 9:45 ng umaga naaresto ang suspek sa nasabing barangay sa pinagsanib na puwersa ng Provincial Intelligence Unit-Pangasinan Police Provincial Office, Bani Police Station, at 1st Provincial Mobile Force Company-Alaminos City.




Ayon pa kay Police Major Zacarias, naaresto ang suspek sa bisa ng Bench Warrant of Arrest sa kasong Murder na walang rekomendadong piyansa.

Ang tagumpay ng PNP laban sa mga taong may pananagutan sa batas ay bunga ng pakikipagtulungan at pakikiisa ng mamamayan. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan)*

# 3 miyembro ng NPA sumuko, matataas na kalibre ng baril narekober sa Davao de Oro



**Nabunturan, Davao de Oro - Sumuko ang tatlong miyembro ng Communist Terrorist Group sa pwersa ng gobyerno at narekober ang matataas na kalibre na baril sa Davao de Oro noong Biyernes, Abril 8, 2022.**

Kinilala ang mga dating rebelde na si alyas Jack, alyas Mar-Mar at alyas Winwin na miyembro ng Regional Operations Command – Southern Mindanao Regional Committee (ROC-SMRC) at Weakened Guerilla Front 2.

Kasabay ng kanilang pagsuko ay ang pagpapahayag nila sa lokasyon ng kanilang mga armas.

Ang pinagsamang puwersa ng mga tauhan ng Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines ay pumunta sa Sitio Mission, Brgy Andap, New Bataan, Davao de Oro kung saan tinukoy ang eksaktong lokasyon ng mga armas.

Narekober sa nasabing lugar ang isang M60 Machine gun, K3 Light machine gun, M203 Grenade Launcher, apat na M16 Rifles at isang Claymore mine (IED).

Mainit naman na tinanggap ni PCol Leonard Luna, Provincial Director ng Davao de Oro Police Provincial Office ang mga dating rebelde upang ipakita ang lubos na paggalang at taos-pusong intensyon na tulungan silang makabalik muli sa lipunan.

Dagdag naman ni PCol Luna, ang pagsuko ng mga dating rebelde at pagbawi ng mga baril ay resulta ng walang humpay na pagsisikap ng gobyerno na wakasan ang communist insurgency sa probinsya na alinsunod sa Executive Order 70 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. *(Panulat ni Patrolman Preal Cris Edosma)*

# Dating Opisyal ng ANAKPAWIS nagbalik-loob sa Gobyerno



**Valenzuela City - Sumuko at nagbalik-loob sa gobyerno ang dating opisyal ng ANAKPAWIS na si Eugene T. Gicaen alyas "Ka Boyong" kasama ng kanyang baril sa Headquarters ng NPD bandang alas-9:00 ng umaga nang Miyerkules, Abril 13, 2022.**

Sinalubong ni District Director Police Brigadier General Jose Hidalgo Jr. ng Northern Police District; Police Colonel Ferdinand M. Del Rosario, Force Commander ng DMFB; at LTC Eugene Paul Arbues, PA (GSC), Commander 11th CMOBn, CMOR si Ka Boyong at kanila itong pinasalamatan sa pagtitiwala sa ating gobyerno.

Sa kanyang pagsuko, ibinulgar ni Ka Boyong ang kanyang sinapit at naranasan bilang Coordinator sa KADAMAY sa Lungsod ng Valenzuela sa loob ng tatlumpung taon.

Sa mensahe naman ni PBGen Hidalgo Jr, kanyang inilahad na ramdam niya ang sakripisyong pinagdaanan nila at yung opurtunidad at kinabukasan nila na makapagtapos ng pag-aaral ay inagaw ng kilusan.

Dagdag pa nya, "Mahigit tatlumpung taon ay nagpadala sila sa mga matatamis na salita ng kilusan, bilang pagkilos laban sa mga grupong ito, dapat kailangan muna natin malaman kung sino sila, kung ano ang ginagawa nila, kung ano ang pamamaraan nila, at kung paano sila nakakapagkumbinsi sa mga tao. Bilang Pulis at Sundalo, constitutional mandate natin ang To Protect and To Defend Democracy".

Tiniyak ni PBGen Hidalgo Jr. na ang kanyang hanay ay kaisa sa pagbabagong buhay ng mga dating rebelde, at patuloy na susuporta sa E. O. No. 70 para makamit ang kapayapaan sa ating bansa at matulungan ang mga ito. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# 2 Miyembro ng Abu Sayyaf Group sumuko sa Indanan, Sulu

**Indanan, Sulu - Boluntaryong sumuko ang dalawang miyembro ng Abu Sayyaf Group sa puwersa ng gobyerno sa Brgy. Tungkay, Indanan, Sulu, nitong Linggo, Abril 10, 2022.**

Kinilala ni Police Major Edwin Sapa, Chief of Police ng Indanan Municipal Police Station ang mga sumuko na si alyas "Abon", 52; at alyas "Tutoh" 26, na parehong residente ng Parang, Sulu.

Kasabay ng kanilang boluntaryong pagsuko ay bitbit din nila ang kanilang mga armas na isinuko din sa pamahalaan kabilang na dito ang isang yunit ng caliber 9mm, improvised UZI at magazine na may limang bala.

Napadali ang pagsuko ng dalawa dahil sa isinagawang Intelligence Driven Operation na pinangunahan ng PNP Intelligence Unit kasama ang Indanan MPS, Zamboanga City Intelligence Team, Regional Intelligence Unit 9, CTD-PNP IG, Regional Intelligence Division PRO BAR at PNP SAF FIID SIU SIT 9.

Ayon sa nakalap na impormasyon mula sa mga sumuko ay ilang beses na nilang naka-engkwentro ang ating Government troops at kinidnap ang ilang personalidad.

Kasalukuyang nasa pangangalaga ng Zamboanga City Intelligence Team ang mga sumuko at ang mga armas naman ay nasa pangangalaga ng Sulu Crime Laboratory Office.

Labis na natutuwa ang PNP dahil sa patuloy na pagsuko sa ating pamahalan ng mga miyembro ng teroristang grupo para magbagong buhay. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*

# Mag-asawang rebelde, sumuko sa mismong Araw ng Kagitingan

**Dolores, Eastern Samar – Habang ang 1st Eastern Samar Provincial Mobile Force Company ay nakikiisa sa buong bansa sa paggunita sa ika-80 Araw ng Kagitingan, sumuko sa kanilang hanay ang mag-asawang NPA na nagpakita ng katapangan sa pamamagitan ng pormal na pagtalikod sa New People's Army nito lamang Sabado, Abril 9, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Joy Leanza, Force Commander ng 1st ESPMFC ang mga sumukong sina Alyas "Ka-Balodoy", Chairman ng Medical Committee sa isang Communist Terrorist Group Pseudo government sa ilalim ng Sub-Regional Committee, BROWSER, Eastern Visayas Regional Party Committee, New People's Army at si "Ka-Lina", nagsilbing Chairwoman nito ng Pambansang Kilusan ng Magsasaka (PKM) ng parehong organisasyon.

Ayon kay PLtCol Leanza, nakaharap niya sina Alyas "Ka-Balodoy" at Alyas "Ka-Lina" at nagpahayag ng kanilang tunay na layunin na lisanin nang tuluyan ang teroristang grupo noong gabi ng Abril 9.

Ayon pa kay PLtCol Leanza, ang mag-asawa ay nagmula sa San Jose de Boan, Western Samar na gumugol ng halos tatlong dekada kasama ang mga kinatatakutang rebelde.

Dagdag pa ni PLtCol Leanza, namatay ang kanilang anak na babae sa pakikipagsagupaan sa AFP sa Barangay Dolores, Eastern Samar noong Agosto 2021. Habang ang kanilang anak na si Alyas "Good" ay sumuko pagkatapos ng insidente.

Si Alyas "Good" ang nag-impluwensya sa kanyang mga magulang na sumuko sa 1st ESPMFC dahil sa makataong pagtrato sa kanya ng Eastern Samar PNP.

Ang Eastern Samar PNP ay mas lalo pang paiigtingin at palakasin ang kampanya laban sa insurhensiya at hihikayatin ang mga rebeldeng grupo na magbalik-loob sa gobyerno. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn B Valdez)*



# Php81M halaga ng shabu nasamsam sa buy-bust ng Quezon City PNP; suspek arestado



**Quezon City - Tinatayang Php81,600,000 milyong halaga ng shabu ang nasamsam sa isang suspek sa buy-bust ng Quezon City PNP nito lamang Martes, Abril 12, 2022.**

Kinilala ni District Director Police Brigadier General Remus Medina ng Quezon City Police District ang suspek na si Kamlum Dampa Deragin, alyas "Bryan Macarimbang", 34, at residente ng Muslim Center, Quiapo, Manila.

Ayon kay PBGen Medina, bandang 4:45 ng hapon nahuli si Deragin sa kahabaan ng Examiner St. corner Quezon Ave., Quezon City ng pinagsanib puwersa ng QCPD-DDEU (lead), PDEG IFLD, PDEG SOU NCR, PDEA NCR, BOC CIIS, NCRPO RID RDEU at Masambong Police Station 2- QCPD.

Ayon pa kay PBGen Medina, nakumpiska sa kanya ang 12,000 gramo ng hinihinalang shabu at tinatayang may Standard Drug Price na Php81,600,000, isang itim na Nike gym bag, at buy-bust money.

Samantala, mahaharap si Deragin sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Tiniyak ni General Medina na ang kanilang hanay ay hindi kailanman hihinto sa pagsugpo sa ilegal na droga sa kanilang nasasakupan at hindi matitinag sa anumang panganib na maaaring idulot ng kanilang mga operasyon. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Php27.6M na halaga ng shabu nakumpiska sa operasyon ng Cavite PNP

**Cavite - Tinatayang Php27,600,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa babaeng suspek sa isinagawang controlled delivery operation ng PNP nito lamang Martes, Abril 12, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Arnold Abad, Provincial Director ng Cavite Police Provincial Office ang suspek na si Leonila Dela Cruz, 46, residente ng Blk II Lot 18 Phase 2A, Southville, Brgy. Aguado, Trece Martires City, Cavite.

Ayon kay Police Colonel Abad, bandang 8:00 ng gabi naaresto si Dela Cruz sa mismong bahay nito ng pinagsanib na pwersa ng Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office III - Pampanga Police Office, Philippine Drug Enforcement Agency 4A, Regional Special Enforcement Team 1 at 2, Philippine Drug Enforcement Agency Regional Office III Clark III Inter Agency Drug Interdiction Task Group Bureau of Custom Port of Clark, Aviation Security Enforcement Unit 3, Philippine Drug Enforcement Agency Cavite Police Office, Philippine Drug Enforcement Unit Cavite at Trece Martires City Police Station.



Ayon pa kay Police Colonel Abad, nakumpiska mula sa suspek ang tinatayang apat na kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php27,600, 000, dalawang identification card at isang yunit ng keypad Phone.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 o Republic Act 9165.

Ang tagumpay ng PNP katulong ang ibang ahensya ay nagpapakita lamang na ginagawa ang lahat ng makakaya upang masugpo ang ilegal na droga at mga kriminalidad para manatiling ligtas ang komunidad. *(Police Executive Master Sergeant Joe Peter Cabugon)*

# Top 6 CTG Priority Target ng Caraga, arestado sa AgSur




**Agusan del Sur - Arestado ang Top 6 Priority Target (Regional Level) at miyembro ng Communist Terrorist Group sa patung-patong na kasong Murder, Frustrated Murder at Attempted Murder sa isinagawang Joint Operation ng Caraga PNP nito lamang Lunes, Abril 11, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Romeo Caramat Jr, Regional Director ng Police Regional Office 13 ang naaresto na Secretary at Finance Officer ng Sub-Regional Unit 3, North Central Mindanao Regional Committee na si Julita Galario Domingo alyas "Bel", 47, at residente ng Brgy. Maasin, Esperanza, Agusan del Sur.

Ayon kay PBGen Caramat, bandang 2:18 ng hapon ng maaresto si Bel sa Purok-7, Sitio Maitum, Brgy. Langkilaan, Trento, Agusan del Sur sa pinagsanib na pwersa ng Regional Intelligence Unit 13, Provincial Intelligence Unit-Agusan del Sur, 1303rd Maneuver Company-Regional Mobile Force Battalion 13, 2nd Provincial Mobile Force Company-Agusan del Sur, 402 Brigade, 4th MIB, Bayugan City Police Station at Trento Municipal Police Station.

Dagdag pa ni PBGen Caramat Jr, inaresto si Bel sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Murder, Frustrated Murder at Attempted Murder.

Ang PNP CARAGA ay walang humpay ang kampanya na hulihin ang mga kriminal sa kanilang nasasakupan at hikayatin ang lahat ng makakaliwang grupo na magbalik-loob sa gobyerno, tungo sa payapa at maunlad na bansa. *(Panulat ni Patrolman Jhunel Cadapan RPCADU13)*

# Regional Top 7 Most Wanted Person sa kasong Rape arestado ng Quirino PNP



**Aglipay, Quirino - Arestado ang Regional Top 7 Most Wanted Person sa kasong Rape sa Intelligence Driven checkpoint ng Quirino PNP nitong Miyerkules, Abril 13, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Rommel Rumbaoa, Provincial Director ng Quirino Police Provincial Office, ang suspek na si Judy Dayag alyas Ruding, residente ng Purok 3 Barangay Ramos East, San Isidro, Isabela.

Ayon kay PCol Rumbaoa, may nagreport sa Aglipay Police Station sa pangunguna ni Police Major Joel Guinobang, na ang suspek ay kasalukuyang nagtatago sa Brgy. Dibulo, Dinapigue, Isabela at plano nitong uuwi sa kanilang tahanan sa undas.

Ayon pa kay PCol Rumbaoa, naaresto ang suspek na nakasakay sa isang blue Hyundai Grace Van na may plakang XGU 234 sa Purok 2, Brgy San Leonardo, Aglipay, Quirino ng pinagsamang puwersa ng Aglipay Police Station, Regional Intelligence Unit 2, Quirino Provincial Intelligence Unit at 1st Quirino Provincial Mobile Force Company.

Dagdag pa ni PCol Rumbaoa, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong 4 counts of Rape na walang inirekomendang piyansa.

Samantala, hindi titigil ang hanay ng PNP upang mahanap ang iba pang nagtatago sa batas at mabigyan ng hustisya ang kanilang mga biktima. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Mary Joy D Reyes)*

# Php15M halaga ng Marijuana sinira at sinunog ng PNP Cordillera




Tinglayan, Kalinga – Tinatayang Php15,000,000 halaga ng halamang marijuana ang sinira at sinunog ng PNP Cordillera sa isinagawang dalawang araw na marijuana eradication "Oplan Stone Mountain" sa dalawang magkahiwalay na plantasyon sa Barangay Butbut Proper, Loccong at Tulgao, Tinglayan, Kalinga nito lamang ika-14 at 15 ng Abril, 2022.

Ayon kay Police Colonel Peter Tagtag, Jr., Provincial Director, Kalinga Police Provincial Office, matagumpay na naisagawa ang eradikasyon ng pinagsanib na puwersa ng Special Operations Unit CAR, PNP Drug Enforcement Group, Tinglayan Municipal Police Station, PNP Special Action Force, Drug Enforcement Unit Kalinga, Police Regional Office Cordillera, Regional Intelligence Unit 14, Regional Drug Enforcement Unit PROCOR at 503rd Maneuver Company ng Regional Mobile Force Battalion.

Ayon pa kay Police Colonel Tagtag, natuklasan sa mga nasabing lugar na may kabuuang sukat na 7,500 square meters ang mahigit kumulang 75,000 piraso ng fully grown marijuana plants na may tinatayang halaga na Php15,000,000.

Agad namang binunot at sinunog ng mga operatiba ang nadiskubreng mga marijuana sa mismong lugar ng taniman kung saan walang nahuling marijuana cultivator.

Ang matagumpay na operasyon na ito ng Cordillera PNP ay isa lamang resulta ng walang tigil at mas pinaigting na kampanya kontra sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolwoman Febelyne C Codiam)*

# Php6.9M halaga ng shabu, nasamsam sa PNP buy-bust sa Cebu City



**Cebu City - Tinatayang Php6,970,000 halaga ng shabu ang nasamsam ng mga operatiba ng Cebu City PNP sa ikinasang buy-bust operation nito lamang Sabado, Abril 9, 2022.**

Kinilala ni PCol Ernesto Salvador Tagle, City Director ng Cebu City Police Office, ang naarestong suspek na si Roberto Kimpad Bacod alyas "Insik", 25, residente ng Bliss Brgy. Labangon, Cebu City.

Ayon kay PCol Tagle, si Bacod ay isang High Value Individual na kabilang sa watch list ng Rehiyon 7.

Ayon pa kay PCol Tagle, naaresto ang suspek bandang 12:10 ng umaga sa tinitirhan nito sa Bliss Brgy. Labangon, Cebu City ng mga operatiba ng City Drug Enforcement Unit, Cebu City Police Office.

Nakuha mula sa suspek ang anim na transparent plastic na may lamang 1,025 gramo ng hinihinalang shabu at may tinatayang halaga na Php6,970,000, buy-bust money, at isang piraso na maroon clutch bag na ginamit bilang lalagyan ng ilegal na droga.

Ang mga nakumpiskang ebidensya ay dinala sa Regional Forensic Unit 7 para sa pagsusuri.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon ay dulot ng pinaigting at maayos na kampanya ng kapulisan laban sa ilegal na droga at maging sa iba't-ibang uri ng kriminalidad sa nasabing bayan. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Php3.6M halaga ng marijuana nakumpiska sa PNP buy-bust; suspek arestado

**Lucena City - Tinatayang Php3,600,000 halaga ng marijuana ang nakumpiska sa isang suspek sa buy-bust operation ng Quezon PNP nito lamang Huwebes, Abril 14, 2022.**

**Kinilala ni Police Colonel Joel Villanueva, Provincial Director ng Quezon Police Provincial Office, ang naarestong suspek na si Jero Salimbot Gantalao, alyas "Pacho", 28, at residente ng Purok Pagkakaisa, Jael Subdivision, Brgy. Ilayang Iyam, Lucena City.**

Ayon kay PCol Villanueva, nahuli si Pacho sa kanyang tirahan sa pinagsanib na operatiba ng Provincial Drug Enforcement Unit-Quezon Police Provincial Office; Philippine Drug Enforcement Unit-4A Quezon; Station Drug Enforcement Unit at Intel Unit ng Lucena City Police Station.

Nakumpiska mula sa suspek ang isang kulay green na eco bag na naglalaman ng limang bricks ng hinihinalang marijuana; isang blue eco bag na naglalaman ng apat na bricks ng hinihinalang marijuana; tatlong self-sealing plastic bag na naglalaman ng hinihinalang marijuana; 13 piraso na vacuum sealed plastic na may hinihinalang marijuana; isang piraso ng Php1,000 bill; at apat na piraso ng Php1,000 bill bilang boodle money.

Ang mga nasabat na hinihinalang marijuana ay may bigat na humigit-kumulang 10 kilo na may Street Value na Php3,600,000.

Mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sec 5 at 11 ng R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang matagumpay na operasyon na ito ay bunga ng pagpupursigi ng Quezon PNP upang ang kabataan at komunidad ay malayo sa perwisyong dulot ng ipinagbabawal na gamot. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville Ortiz)*

# Php1M halaga ng shabu nakumpiska mula sa 2 HVI sa Davao City

**Davao City - Tinatayang mahigit Php1 milyon na halaga ng shabu ang nakumpiska mula sa dalawang suspek sa buy-bust operation ng PNP sa Davao City, nito lamang Miyerkules, Abril 13, 2022.**

Kinilala ni Police Major Carol Jabagat, Station Commander ng nasabing istasyon ang mga suspek na si Danilo Cagnaan alyas "Jong-Jong", 43; at Remedios Cagnaan, 34, parehong residente ng Purok 1-A, Trading Boulevard, Davao City at tinaguriang High Value Individual (HVI) Regional Level.

Ayon kay PMaj Jabagat, naaresto ang mga suspek sa Purok Tambacan, Brgy. Lizada, Toril, Davao City ng pinagsamang tauhan ng Toril PS8, 1105th MC at Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 11.

Ayon pa kay PMaj Jabagat, nakuha mula sa mga suspek ang dalawang medium size at dalawang malalaking pakete ng hinihinalang shabu na may bigat na humigit kumulang 64.21 gramo at may katumbas na street market value na Php1,028,000 at marked money na ginamit sa nasabing operasyon.

Ang mga suspek ay mahaharap sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, lalo pang paiigtingin ng Police Regional Office 11 ang kanilang kampanya laban sa ilegal na droga sa pamumuno ni PBGen Benjamin Silo Jr., PRO 11 Regional Director. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara)*



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No.15 * Abril 9 - 15, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Mass Mobilization at Duterte Legacy Caravan isinagawa sa PRO BAR




**Camp Brigadier General Salipada K. Pendatun - Matagumpay na naisagawa ng Police Regional Office BAR ang mass mobilization activities laban sa CPP/NPA at Local Terrorist Groups sa kabila ng masamang panahon na dala ng Tropical Storm "Agaton" sa Camp Salipada K Pendatun, Parang, Maguindanao noong Abril 11, 2022.**

Ang naturang aktibidad ay pinamunuan ni Police Brigadier General Arthur Cabalona, Regional Director, PRO BAR at dinaluhan ni Deputy Chief PNP for Administration at PNP Focal Person ng Duterte Legacy Caravan na si Police Lieutenant General Rhodel Sermonia.

Kasama din sa aktibidad ang mga kinatawan mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno na sina Regional Director Eduardo Marque ng National Intelligence Coordinating Agency 12; Atty. Naguib Sinarimbo ng DILG; Abdul-Aziz Dagalangit ng KKDAT; Atty Cherry Anne Dela Cruz ng National Coalition ng Lingkod-Bayan Advocacy Support Groups, at Force Multipliers, gayundin ang mga Head ng iba't ibang GO at NGO.

Nagsimula ang aktibidad sa isang executive meeting (lecture/dialogue/konsultasyon) kasama ang lahat ng Provincial Director/City Director at mga pangunahing opisyal ng PRO BAR.

Sinundan ito ng The Duterte Legacy Caravan, kung saan pinagsama-sama ang lahat ng ahensya ng gobyerno, Advocacy Supports Groups, at iba pang stakeholders at nakita ang paghahatid ng iba't ibang frontline services sa mahigit 2000 recipients mula sa iba't ibang sektor. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Ramadan Free Iftar isinagawa ng Indanan PNP





**Indanan, Sulu - Nagsagawa ng PNP Community Outreach Program na Ramadan Free Iftar ang Indanan PNP sa Brgy Timbangan, Indanan, Sulu nitong Martes, Abril 12, 2022.**

Ang nasabing aktibidad ay pinangunahan ni Police Major Edwin Sapa, Chief of Police ng Indanan Municipal Police Station kasama ang mga tauhan ng Indanan PNP.

Ang aktibidad na ito ay kaugnay at bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng banal na buwan ng Ramadan.

Ang ganitong uri ng aktibidad ay isang paraan ng PNP upang mas paigtingin ang ugnayan sa komunidad at upang mas mapagtibay ang samahan sa ating mga kapatid na muslim.*(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# Project Lingkod Tungkod ng Lambunao PNP, nagbigay pag-asa at saya sa mga Senior Citizen



**Lambunao, Iloilo – Nagsagawa ng Community Outreach Program na tinawag na Project Lingkod Tungkod ang Lambunao PNP sa probinsya ng Iloilo nito lamang Sabado, Abril 9, 2022.**

Ang Project Lingkod Tungkod ay isinagawa sa Brgy. Maite Grande sa bayan ng Lambunao, Iloilo sa pangunguna ni Police Major Roy Tayona, Acting Chief of Police ng Lambunao Municipal Police Station kaagapay ang Northern Salakot Eagle Club (NSEC) Western Visayas Region kasama ang presidente nitong si Alvin Ngo.

Ayon kay PMaj Tayona, 20 na senior citizens ang nakatanggap ng kani-kanilang bagong tungkod at food packs. Maliban dito, apat naman sa mga Senior Citizen ay magdiriwang ng kanilang kaarawan ngayong Abril at sila ay nabigyan ng Cake bilang regalo at pagkakataon upang ipagdiwang ang kanilang kaarawan kasama ang ating kapulisan.

Ayon pa kay PMaj Tayona, ang proyektong ito ay ikatlong beses na nilang isinasagawa. Kaya naman labis naman ang pasasalamat ng Lambanao MPS sa mga stakeholders, Northern Iloilo Golden Salakot Eagles Club at Western Visayas Region bilang katuwang upang matulungan ang komunidad.



Ang Lambunao MPS ay patuloy na maghahatid ng kasiyahan at ngiti sa bawat mamamayan kasabay ng pagpapanatili ng kapayapaan, seguridad at kaayusan sa komunidad. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*